



**KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN  
NG COUNTY NG SAN MATEO NA NAG-UUTOS  
SA LAHAT NG MGA INDIBIDWAL NA NANINIRAHAN SA COUNTY NA  
MANATILI SA KANILANG MGA LUGAR NG PANINIRAHAN MALIBAN NA LANG  
KUNG SILA AY MAAARING UMALIS PARA MAGBIGAY O TUMANGGAP NG  
ILANG MAHAHALAGANG SERBISYO AT GUMAWA NG ILANG  
MAHAHALAGANG AKTIBIDAD AT TRABAHO PARA SA MGA  
KINAKAILANGANG NEGOSYO O PANG-GOBYERNO NA MGA SERBISYO; HINDI  
KASAMA ANG MGA INDIBIDWAL NA NAKAKARANAS NG KAWALAN NG  
TIRAHAN MULA SA UTOS NA MANATILI SA TIRAHAN NGUNIT HINIHIKAYAT  
ANG MGA ITO NA HUMANAP NG BAHAY KALINGA AT MGA AHENSIYA NG  
GOBYERNO NA MAGBIBIGAY NITO; INUUTUSAN ANG LAHAT NG MGA  
NEGOSYO AT MGA AHENSIYA NG GOBYERNO NA ITIGIL ANG HINDI-  
MAHAHALAGANG OPERASYON SA MGA PISIKAL NA LOKASYON SA COUNTY;  
NAGBABAWAL SA LAHAT NG HINDI MAHAHALAGANG PAGTITIPON NG  
ANUMANG BILANG NG MGA INDIBIDWAL; AT IPINAG-UUTOS ANG PAGTIGIL  
NG LAHAT NG HINDI-MAHAHALAGANG PAGLALAKBAY**

**PETSA NG KAUTUSAN: MARSO 16, 2020**

**Mangyaring basahin ang Kautusang ito nang mabuti. Ang paglabag ng o kabiguan sa pagsunod sa Kautusang ito ay isang munting paglabag ng batas at mapaparusahan ng multa, pagkabilanggo, o pareho. (Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California § 120295, *et seq.*)**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040, 101085, AT 120175 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, IPINAG-UUTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO ("OPISYAL NG KALUSUGAN"):

1. Ang layunin ng kautusang ito ay matiyak na maihiwalay ng pinakamaraming bilang ng mga tao ang kanilang sarili (self-isolate) sa kanilang mga lugar ng paninirahan para sa pinakamatagal na panahon na maaari, habang patuloy na pinapatakbo ang mahahalagang mga serbisyo, para mapigil ang pagkalat ng COVID-19 hanggang sa pinakamaaaring lawak. Kapag kailangang umalis ng mga tao sa kanilang mga lugar ng paninirahan, para makakuha man o magsagawa ng mga mahahalagang serbisyo, o para tumulong sa awtorisadong mga gawain na kinakailangan para sa pagpapatuloy ng panlipunan at pangkomersyal na pamumuhay, dapat silang makatuwirang tumalima sa lahat ng oras sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon 10 sa ibaba. Lahat ng mga probisyon ng Kautusang ito ay dapat na bigyang kahulugan para sa pagpapatupad ng layuning ito. Ang pagkabisigong tumalima sa





anuman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay nagpapahiwatig ng isang napipintong panganib sa pampublikong kalusugan.

2. Lahat ng mga indibidwal na kasalukuyang nakatira sa loob ng County ng San Mateo (ang "County") ay inuutusan na manatili sa kanilang lugar ng paninirahan. Sa lawak kung saan ang mga indibidwal ay gumagamit ng shared o panlabas na mga espasyo, dapat nilang makatuwirang pinapanatili sa lahat ng oras ang social distancing na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa sinumang tao kapag sila ay nasa labas ng kanilang tirahan. Lahat ng mga tao ay maaari lamang umalis sa kanilang mga tirahan para sa Mahahalagang mga Gawain, Mahahalagang mga Pagganap ng Gobyerno, o para magpatakbo ng Mahahalagang mga Negosyo, lahat ay tulad ng tinukoy sa Seksyon 10. Ang mga indibidwal na walang tirahan ay hindi kasali mula sa Seksyon na ito, ngunit lubos na hinihikayat na humanap ng masisilungan, at ang mga pang-gobyerno at iba pang mga entidad ay mahigpit na hinihikayat na maglaan ng naturang silungan na magagamit agad sa lalong madaling panahon hangga't maaari na praktikal (at ipatupad ang Mga Rekisito sa Social Distancing sa kanilang mga operasyon).
3. Lahat ng mga negosyo na may pasilidad sa loob ng County, maliban sa Mahahalagang Negosyo tulad ng tinukoy sa ibaba sa Seksyon 10, ay hinihiling na ihinto ang lahat ng mga gawain sa mga pasilidad na matatagpuan sa loob ng County maliban sa Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon, tulad ng tinukoy sa Seksyon 10. Para malinaw, ang mga negosyo ay maaari ding magpatuloy ng mga operasyon na binubuo ng mga empleyado lamang o mga kontraktor na nagsasagawa ng mga gawain sa kanilang sariling mga tirahan (hal., nagtatrabaho sa bahay). Lahat ng Mahahalagang Negosyo ay labis na hinihikayat na manatiling bukas. Sa pinakamalawak na saklaw na maaari, ang Mahahalagang Negosyo ay dapat na sumunod sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon 10 sa ibaba, kasama, ngunit hindi limitado sa, kapag ang mga customer ay nakatayo sa pila.
4. Lahat ng pampubliko at pribadong pagtitipon ng anumang bilang ng mga tao na nangyayari sa labas ng isang sambahayan o tinitirahan ay ipinagbabawal, maliban sa limitadong mga layunin na malinaw na pinahihintulutan sa Seksyon 10. Walang bahagi ng Kautusang ito ang nagbabawal sa pagtitipon ng mga miyembro ng isang sambahayan o tinitirahan.
5. Lahat ng mga paglalakbay, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, paglalakbay na naglalakad, bisikleta, scooter, motorsiklo, kotse, o pampublikong sasakyan, maliban kung Mahahalagang Paglalakbay at Mahahalagang Gawain tulad ng tinukoy sa ibaba sa Seksyon 10, ay ipinagbabawal. Ang mga tao ay dapat gumamit lamang ng pampublikong sasakyan para sa layunin ng pagsasagawa ng Mahahalagang Gawain o para maglakbay patungo at mula sa trabaho para magpatakbo ng Mahahalagang Negosyo o magpanatili ng Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno. Ang mga taong sumasakay sa pampublikong sasakyan ay dapat na sumunod sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon 10 sa ibaba, sa pinakamalawak na saklaw na maaari. Ang Kautusang ito ay nagpapahintulot sa paglalakbay papunta at palabas ng County para magsagawa ng Mahahalagang Gawain, magpatakbo ng Mahahalagang Negosyo, o magpanatili ng Mahahalagang Pagganap sa Gobyerno.
6. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa ebidensiya ng tumataas na insidente ng COVID-19 sa loob ng County at sa buong Bay Area, siyentipikong ebidensiya at pinakamainam na mga pagsasanay tungkol sa pinakapektibong mga hakbang para mapigil ang transmisyon ng nakakahawang mga sakit sa



pangkalahatan at partikular sa COVID-19, at ebidensiya na ang edad, kondisyon, at kalusugan ng malaking bahagi ng populasyon ng County ay naglalagay dito sa panganib ng malubhang mga komplikasyon sa kalusugan, kabilang ang kamatayan, mula sa COVID-19. Dahil sa pagsiklab ng COVID-19 na virus sa pangkalahatang publiko, na ngayon ay isa nang pandemya ayon sa World Health Organization, mayroong isang pampublikong pangkalusugang emerhensiya sa buong County. Ang nagpapalala pa sa problema, ilang mga indibidwal na nahawahan ng COVID-19 na virus ay walang mga sintomas o may di-malubhang mga sintomas, na nangangahulugan na maaaring hindi nila alam na dinadala nila ang virus. Dahil kahit ang mga taong walang mga sintomas ay maaaring makahawa ng sakit, at dahil ang ebidensiya ay nagpapakita na ang sakit ay madaling nakakalat, ang mga pagtitipon ay maaaring magresulta sa transmisyong virus na maiiwasan sana. Ang siyentipikong ebidensiya ay nagpapakita na sa yugto na ito ng emerhensiya, mahalagang pabagalin ang transmisyong virus hangga't maaari para maprotektahan ang pinakamadaling maapektuhan at para maiwasan na mabigatan ang sistema ng pangangalaga ng kalusugan. Isang napatunayang paraan para mapabagal ang transmisyong ay ang limitahan ang pakikisalamuha ng mga tao sa pinakamalawak na saklaw na maaari. Sa pamamagitan ng pagbawas sa pagkalat ng COVID-19 na virus, ang Kautusang ito ay tumutulong sa mapanatili ang kritikal at limitadong kapasidad sa pangangalaga ng kalusugan ng County.

7. Ang Kautusang ito ay inilabas din dahil sa umiiral na 41 kaso ng COVID-19 sa County, pati na rin ang hindi bababa sa 258 kumpirmadong kaso at hindi bababa sa tatlong patay sa pitong mga hurisdiksiyon sa Bay Area na nakikilahok sa paglabas ng Kautusang ito, nang alas-5 ng hapon sa Marso 15, 2020, kasama ang isang malaki at tumataas na bilang ng mga hinihinalang kaso ng transmisyong sa komunidad at malamang na higit na malaking pagtaas sa transmisyong. Ang malawakang pagsusuri para sa COVID-19 ay hindi pa magagamit ngunit inaasahan ang pagtaas nito sa darating na mga araw. Ang Kautusang ito ay kinakailangan upang mapabagal ang bilis ng pagkalat at susuriin itong muli ng Opisyal ng Kalusugan habang dumarating ang karagdagang impormasyon.
8. Binabawi at pinapalitan ng Kautusang ito ang Kautusang Bilang C19-2b (binago), orihinal na inilabas noong Marso 14, 2020. Ang kautusang iyon ay wala nang bisa sa petsa at oras ng bisa ng Kautusang ito. Ang Kautusang ito ay inilabas na naaayon sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni sa, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensiya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Marso 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng Pang-Emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na isang Lokal na Emerhensiya sa County, Marso 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan Tungkol sa Novel Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Marso 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensiya sa Kalusugan, Marso 11, 2020 at Marso na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Bilang C19-1 na naghihigpit sa mga bisita sa mga skilled nursing facility, Marso 12, 2020 na Ehekutibong Kautusan ng Estado ng California N-25-20, at Marso 13, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Bilang C19-3 na nagpapataw ng isang Kautusan sa Pagbabago sa mga Operasyon ng Paaralan.
9. Ang Kautusang ito ay lumabas pagkatapos na maglabas ng sapat na patnubay mula sa Opisyal ng Kalusugan ng County, ang Centers for Disease Control and Prevention, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California, at iba pang mga opisyal ng pampublikong kalusugan sa buong Estados Unidos at sa buong mundo, kasama ang iba't ibang nakaraang mga kautusan para labanan ang



pagkalat at mga pinsala ng COVID-19. Patuloy na susuriin ng Opisyal ng Kalusugan ang mabilis na nagbabagong sitwasyon at maaari niyang baguhin o palawigin ang Kautusang ito, o maglabas ng karagdagang mga Kautusan, na may kaugnayan sa COVID-19.

#### 10. Mga Kahulugan at mga Pagbubukod.

- a. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga indibidwal ay maaari lamang umalis sa kanilang tirahan para magsagawa ng alinman sa mga sumusunod na "Mahahalagang Gawain." Ngunit ang mga tao na may mataas na panganib ng malubhang sakit mula sa COVID-19 at mga taong may sakit ay hinihikayat na manatili sa kanilang mga tirahan hangga't maaari maliban kung nangangailangan ng medikal na pangangalaga.
  - i. Para magsagawa ng mga aktibidad o magsagawa ng mga gawain na mahalaga para sa kanilang kalusugan at kaligtasan, o sa kalusugan at kaligtasan ng kanilang pamilya o miyembro ng sambahayan (kasama, ngunit hindi limitado sa, mga alagang hayop), na tulad sa, bilang halimbawa at hindi nililimita dito, pagkuha ng medikal na mga supply o gamot, pagbisita sa isang propesyonal na nangangalaga sa kalusugan, o pagkuha ng mga supply na kailangan nila para makapagtrabaho mula sa bahay.
  - ii. Para makakuha ng mga kinakailangan na serbisyo o mga supply para sa kanilang mga sarili at kanilang pamilya o miyembro ng sambahayan, o para maghatid ng mga serbisyo o mga supply na iyon sa ibang mga tao, na tulad sa, bilang halimbawa at hindi nililimita dito, de-latang pagkain, tuyong pagkain, sariwang mga prutas at gulay, supply para sa alagang hayop, sariwang mga karne, isda, at manok, at anumang iba pang mga pangkonsumo na produkto sa sambahayan, at mga produktong kinakailangan para mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon ng mga tirahan.
  - iii. Para magsagawa ng panlabas na mga gawain, sa kondisyon na ang mga indibidwal ay sumunod sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito, na tulad sa, bilang halimbawa at hindi nililimita dito, paglalakad, pag-hike, o pagtakbo.
  - iv. Para magsagawa ng trabaho na nagbibigay ng mahahalagang produkto at serbisyo sa isang Mahahalagang Negosyo o para magsagawa ng mga gawain na partikular na pinapahintulutan ng Kautusang ito, kasama na ang Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon.
  - v. Para mag-alaga ng isang miyembro ng pamilya o alagang hayop sa kabilang sambahayan.
- b. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga indibidwal ay maaaring umalis sa kanilang tirahan para magtrabaho sa o makakuha ng mga serbisyo sa anumang "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan" kasama na ang mga ospital, klinika, dentista, botika, kumpanyang parmasyutikal at biotechnology, iba pang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan, nagsusupply para sa pangangalagang pangkalusugan, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay, tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa kaisipan, o iba pang nauugnay at/o kaakibat na mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama rin sa "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan" ang pangangalagang beterinaryo at lahat ng mga pangangalaga sa kalusugan na ibinibigay sa mga hayop. Ang pagbubukod na ito ay dapat malawak na bigyang kahulugan para maiwasan ang anumang mga epekto sa paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan, na malawakang binigyang kahulugan.



Hindi kasama sa "Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan" ang mga fitness at pang-ehersisyo na gym at mga katulad na pasilidad.

- c. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang mga indibidwal ay maaaring umalis sa kanilang mga tirahan para magbigay ng anumang mga serbisyo o magsagawa ng anumang trabaho na kinakailangan para sa mga operasyon at pagpapanatili ng "Mahahalagang Imprastraktura," kasama ang, ngunit hindi limitado sa, pampublikong trabaho na konstruksyon, pagpapatayo ng pabahay (partikular sa abot-kayang pabahay o pabahay para sa mga indibidwal na walang tirahan), mga operasyon sa paliparan, tubig, sewer, gas, elektrikal, pagpoproseso ng langis, mga kalsada at mga daanan, pampublikong transportasyon, koleksyon at pagkuha ng basura, internet, at mga sistema ng telekomunikasyon (kasama ang probisyon ng mahahalagang pandaigdig, pambansa, at lokal na imprastraktura para sa mga serbisyo sa pagkalkula, imprastraktura ng negosyo, mga komunikasyon, at web-based na mga serbisyo), sa kondisyon na kanilang isasagawa ang mga serbisyonang ito o ang trabahong iyon habang sinusunod ang Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito, sa pinakamalawak na saklaw na maaari.
- d. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, lahat ng unang mga rumeresponde, mga tauhan sa pamamahala ng emerhensiya, mga dispatcher para sa emerhensiya, mga tauhan sa korte, at mga tauhan na nagpapatupad ng batas, at iba pang mga tao na kinakailangan na magsagawa ng mahahalagang mga serbisyo ay hindi kasali sa Kautusang ito. Bilang karagdagan, walang bahagi sa Utos na ito na magbabawal sa sinumang indibidwal mula sa pagsagawa o pag-akses sa "Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno," tulad ng tinukoy ng pang-gobyernong entidad na nagsasagawa ng mga pagganap na iyon. Ang bawat pang-gobyernong entidad ay dapat na magtukoy at magtalaga ng naaangkop na mga empleyado o mga kontraktor para magpatuloy sa pagbibigay at pagsasagawa ng anumang mga Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno. Ang lahat ng Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno ay dapat na isagawa na sumusunod sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito, sa pinakamalawak na saklaw na maaari.
- e. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa mga saklaw na mga negosyo ang anumang for-profit, non-profit, o pang-edukasyon na mga entidad, anuman ang uri ng serbisyo, ang pagganap na kanilang isinasagawa, o ang istraktura ng korporasyon o entidad nito.
- f. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang "Mahahalagang Negosyo" ay nangangahulugang:
  - i. Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan at Mahahalagang Imprastraktura;
  - ii. Mga tindahan ng grocery, sertipikadong pamilihan ng mga magsasaka, tindahan ng mga produktong bukid at prutas at gulay, supermarket, imbakan ng pagkain, convenience store, at iba pang establisyemento na nagsasagawa ng retail na pagbebenta ng mga de-latang pagkain, tuyong mga pagkain, sariwang mga prutas at gulay, supply para sa alagang hayop, sariwang mga karne, isda, at manok, at anumang iba pang pangkonsumo na produkto sa sambahayan (tulad ng mga produktong panlinis at para sa personal na pangangalaga). Kasama rito ang mga tindahan na nagbebenta ng mga grocery at nagbebenta rin ng iba pang hindi pang-grocery na mga produkto, at mga produkto na kinakailangan para sa pagpapanatili ng kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon sa mga tirahan;



- iii. Ang kultibasyon ng pagkain, kasama ang pagsasaka, paghahayupan, at pangingisda;
- iv. Ang mga negosyo na nagbibigay ng pagkain, silungan, at mga sosyal na serbisyo, at iba pang mga pangangailangan sa pamumuhay para sa mga mahirap o nangangailangan na mga indibidwal;
- v. Mga diyaryo, telebisyon, radyo. at iba pang mga serbisyong pang-media;
- vi. Mga gasolinahan at mga supply, pagkukumpuni ng at iba pang mga kaugnay na pasilidad para sa mga sasakyan/kotse;
- vii. Mga bangko at kaugnay na mga pinansiyal na institusyon;
- viii. Mga tindahan ng hardware;
- ix. Mga tubero, electrician, mga pumapatay sa peste, at iba pang mga tagapagkaloob ng serbisyo na kinakailangan para mapanatili ang kaligtasan, kalinisan, at mahahalagang operasyon ng mga tirahan, Mahahalagang Gawain, at Mahahalagang Negosyo;
- x. Ang mga negosyo na nagbibigay ng serbisyo sa koreo at pagpapadala/paghahatid, kasama ang mga kahon para sa koreo;
- xi. Mga pang-edukasyon na institusyon-kasama ang mga pampubliko at pribadong K-12 na mga paaralan, mga kolehiyo, at mga unibersidad - para sa mga layunin ng pangangasiwa ng distance learning o pagsasagawa ng mahahalagang mga pagganap, sa kondisyon na napapanatili ang social distancing nang anim na talampakan sa bawat tao sa pinakamalawak na saklaw na maaari;
- xii. Mga Laundromat, drycleaner, at mga tagapagkaloob ng serbisyo sa paglalaba;
- xiii. Ang mga restawran at iba pang mga pasilidad na naghahanda at naghahain ng pagkain, ngunit para lamang sa paghahatid o pag take out. Ang mga paaralan at iba pang mga entidad na karaniwang nagbibigay ng libreng pagkain na mga serbisyo sa mga mag-aaral o mga miyembro ng publiko ay maaaring magpatuloy na gumawa nito sa ilalim ng Kautusang ito sa kondisyon na ang pagkain ay ibibigay sa mga mag-aaral o miyembro ng publiko sa pamamagitan ng pick-up o take out lamang. Ang mga paaralan at iba pang mga entidad na nagbibigay ng serbisyo sa pagkain sa ilalim ng pagbubukod na ito ay hindi dapat na payagan na kainin sa site ang pagkain kung saan ito ibinigay, o sa anumang iba pang mga lugar ng pagtitipon;
- xiv. Ang mga negosyo na nagsusupply ng mga produkto na kinakailangan ng mga tao para makapagtrabaho mula sa bahay;
- xv. Ang mga negosyo na nagsusupply ng suporta o mga supply na kinakailangan para mapatakbo ang iba pang mahahalagang negosyo;
- xvi. Ang mga negosyo na nagpapadala o naghahatid ng mga grocery, pagkain, bagay o serbisyo nang direkta sa mga tirahan;
- xvii. Mga airline, taksi, at iba pang mga pribadong tagapagkaloob ng serbisyong transportasyon na kinakailangan para sa Mahahalagang Gawain at iba pang mga layunin na malinaw na pinapahintulutan sa Kautusang ito;
- xviii. Pangangalaga sa mga matatanda, may sapat na gulang, o mga bata na isinasagawa sa bahay;
- xix. Mga pasilidad sa tirahan at mga silungan para sa mga matatanda, may sapat na gulang, at mga bata;
- xx. Mga propesyonal na serbisyo, tulad ng mga legal o accounting na serbisyo, kapag kinakailangan para tumulong sa pagsunod sa mga gawaing ipinag-uutos ng batas;



- xxi. Mga pasilidad ng pangangalaga ng bata na nagbibigay ng mga serbisyo na nagpapahintulot sa mga empleyado na hindi kasali sa Kautusang ito para makatrabaho na may pahintulot. Sa pinakamalawak na saklaw na maaari, dapat patakbuhan ang mga pasilidad ng pangangalaga ng bata sa ilalim ng mga sumusunod na ini-uutos na kondisyon:
1. Ang pangangalaga ng bata ay dapat na isagawa sa isang matatag na grupo ng 12 o mas kaunti (ang ibig sabihin ng "matatag" ay ang parehong 12 o mas kaunting mga bata ay nasa parehong grupo araw-araw).
  2. Ang mga bata ay hindi dapat palipat-lipat ng grupo.
  3. Kung higit pa sa isang grupo ng mga bata ang inaalagaan sa isang pasilidad, ang bawat grupo ay dapat na nasa hiwalay na kuwarto. Ang mga grupo ay hindi dapat na maghalo.
  4. Ang mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ay dapat na manatiling nasa parehong grupo ng mga bata.
- g. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kabilang sa "Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon." ang sumusunod, sa kondisyon na ang mga empleyado ay sumusunod sa Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito, sa pinakamalawak na saklaw na maaari, habang isinasagawa ang mga naturang operasyon:
- i. Ang pinakamababang kinakailangan na mga gawain para mapanatili ang halaga ng imbentaryo ng negosyo, tiyakin ang seguridad, iproseso ang suweldo at mga benepisyo ng mga empleyado, o para sa mga kaugnay na pagganap.
  - ii. Ang pinakamababang kinakailangan na mga gawain para tulungan ang mga empleyado ng negosyo na patuloy na makapagtrabaho mula sa kanilang mga tirahan.
- h. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa "Mahahalagang Paglalakabay" ang paglalakbay para sa anuman sa mga sumusunod na layunin: Ang mga indibidwal na nagsasagawa ng anumang Mahahalagang Paglalakabay ay dapat na sumunod sa lahat ng Mga Rekisito sa Social Distancing tulad ng tinukoy sa Seksyon na ito sa ibaba.
- i. Anumang paglalakbay na may kaugnayan sa probisyon ng o akses sa Mahahalagang Gawain, Mahahalagang Pagganap ng Gobyerno, Mahahalagang Negosyo, o Pinakamababang Pangunahing mga Operasyon.
  - ii. Paglalakbay para mag-alaga sa matatanda, mga menor de edad, mga nakadepende, mga taong may kapansanan, o iba pang mga madaling maapektuhan na mga tao.
  - iii. Paglalakbay papunta o mula sa pang-edukasyon na mga institusyon para sa mga layunin ng pagtanggap ng mga materyal para sa distance learning, para sa pagtanggap ng mga pagkain, at anumang iba pang mga kaugnay na serbisyo.
  - iv. Paglalakbay pabalik sa isang lugar ng tirahan mula sa labas ng hurisdiksyon.
  - v. Paglalakbay na kinakailangan ng nagpapatupad ng batas o utos ng korte.
  - vi. Paglalakbay na kinakailangan para sa hindi mga residente para bumalik sa kanilang lugar ng tirahan sa labas ng County, Ang mga indibidwal ay labis na hinihikayat na beripikahin na ang kanilang transportasyon palabas ng County ay mananatiling magagamit at gumagana bago simulan ang naturang paglalakbay.



SAN MATEO COUNTY HEALTH

**PUBLIC HEALTH,  
POLICY & PLANNING**

- i. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa mga tirahan ang mga hotel, motel, shared na mga paupahang yunit at mga katulad na pasilidad.
  - j. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, kasama sa "Mga Rekisito ng Social Distancing" ang pagpapanatiling hindi bababa sa anim na talampakan ang social distancing mula sa iba pang mga indibidwal, paghuhugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig na hindi bababa sa dalawampung segundo na madalas hangga't maaari o gumamit ng hand sanitizer, pagtakip sa mga pag-ubo o pagbahing (sa mga manggas o loob ng siko, hindi sa mga kamay), regular na paglilinis ng mga madalas hawakan na ibabaw, at hindi pakikipagkamay.
11. Alinsunod sa mga seksyon 26602 at 41601 ng Alituntunin ng Pamahalaan at seksyon 101029 ng Alituntunin ng Kalusugan at Kaligtasan, hinihiling ng Opisyal ng Kalusugan na tiyakin ng Sheriff at lahat ng mga hepe ng pulis sa County ang pagsunod sa at pagpapatupad ng Kautusang ito. Ang paglabag sa anumang probisyon ng Kautusang ito ay nagpapahiwatig ng isang nakaambang panganib sa pampublikong kalusugan.
  12. Ang Kautusang ito ay magiging mabisa sa 12:01 nang madaling araw sa Marso 17, 2020 at magpapatuloy na maging mabisa hanggang 11:59 ng gabi sa Abril 7, 2020, o hanggang sa ito ay palawigin, bawiin, o mapalitan, o baguhin sa pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan.
  13. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay agarang: (1) gagawing available ng County Government Center sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) ipo-post sa website ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County (makikita sa [www.smchealth.org](http://www.smchealth.org)); at (3) ibinibigay sa lahat ng miyembro ng publiko na humihiling ng kopya ng Kautusang ito.
  14. Kung alinman sa mga probisyon ng Kautusang ito ay ituturing na walang bisa sa paglapat sa sinumang tao o pagkakataon, ang paalala ng Kautusan, kasama ang paglapat ng naturang bahagi o probisyon para sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi dapat maapektuhan at magpapatuloy sa buong lakas at bisa nito. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring ihiwalay.

**IPINAG-UUTOS:**

---

Scott Morrow MD, MPH  
Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

Petsa: Marso 16, 2020